

Colon Screening

Sinasagot ang iyong mga tanong tungkol sa colon cancer screening

Ang colon cancer ay isa sa mga uri ng kanser na pinakamadalas nadi-diyagnos; isa sa anim na mga tao sa British Columbia ang naaapektohan nito.

Kung ikaw ay nasa pagitan ng 50-74 taong-gulang, dapat ka regular na magpa-screen para sa colon cancer.

Ang colon cancer screening ay nakakasagip ng mga buhay:

- Ang screening ay makakahadlang sa colon cancer sa pamamagitan ng paghanap at pagtanggap ng polyps bago sila maging kanser. Ang polyps ay maliliit na bagay na tumutubo at na maaaring magdibelop sa colon o rectum; karaniwan silang walang mga sintomas kapag maaga pa.
- Ang screening ay maagang makakahanap ng kanser bago pa man sila magkaroon ng pagkakataong kumalat. Ang maagang detection ay nangangahulugang mas marami ang treatment options at mas mahusay ang mga magiging resulta.

May dalawang screening tests para sa colon cancer – ang fecal immunochemical test (FIT), at ang colonoscopy. Kausapin ang iyong health care provider upang malaman kung aling test ang tama para sa iyo.

Ang screening ay inirerekomenda lamang kung wala kang nararanasang mga sintomas ng colon cancer.

Kabilang sa mga sintomas ang dugo sa iyong dumi, pananakit sa tiyan, pagbabago sa bowel habit (ugali ng pagdumi), o hindi maipaliwanag na pagbawas ng timbang. Kung mayroon kang mga ganitong sintomas na nararanasan, kausapin ang iyong health care provider upang makakuha ng referral para sa diagnostic testing upang matiyak ang sanhi ng mga sintomas na ito.

BC Cancer Colon Screening

Irerehistro ka ng iyong health care provider sa BC Cancer Colon Screening kapag binigyan ka niya ng isang lab requisition form upang kunin ang iyong fecal immunochemical test (FIT), o upang irefer ka para sa colonoscopy.

Kapag inirehistro ka sa programa, ibig sabihin ay ipapadala ng programa sa mail ang iyong FIT results at susubaybayan nito ang iyong screening progress upang masigurado ang kalidad at kaligtasan. Padadalhan ka rin ng BC Cancer Colon Screening sa mail ng isang paalala kapag panahon na upang magpa-test muli.

Bakit ba mahalaga ang colon cancer screening?

- Bawat araw sa British Columbia, tatlong tao ang namamatay mula sa colon cancer.
- Kung ang colon cancer ay natuklasan kapag maagang-maaga, ang posibilidad ng survival ay mahigit sa 90 porsiyento.
- 3000 tao sa BC ang nadidiyagnos ng colon cancer bawat taon.
 - 94% ay 50-taong-gulang at mas matanda
 - 56% ay lalaki
 - 44% ay babae

Ano ang fecal immunochemical test (FIT)?

Ang FIT ay isang test na magagawa mo sa bahay. Nahahanap nito ang dugo sa iyong stool (dumi); ito'y maaaring palatandaan ng polyps o early stage cancer. Upang gawin ang test:

1. Kausapin ang iyong health care provider at humingi ng isang FIT. Kung ikaw ay eligible para sa screening, bibigyan ka ng iyong health care provider ng isang order form para sa isang libreng FIT kit.
2. Dalhin ang iyong order form sa isang designadong lab at i-pick up ang iyong test kit. Bisitahin ang www.screeningbc.ca para sa listahan ng mga lab.
3. Gawin ang test sa bahay sa pamamagitan ng pagsunod sa instructions na nakalagay sa test kit. Walang kinakailangang special na paghahanda. Maaari mo pa rin kainin ang iyong mga karaniwang kinakain, at inumin ang iyong mga gamot.
4. Dalhin ang sample sa lab. Ito'y dapat isumite sa lab sa loob ng pitong araw mula paggawa ng test.
5. Kung normal ang iyong resulta, maaari mong makuha ang iyong resulta gamit ang **MyCareCompass** sa www.bc.mycarecompass.lifelabs.com. Kung wala kang MyCareCompass account, maaari kang mag-sign up para dito sa loob ng 30 araw ng pag-pick up ng iyong FIT mula sa lab. Kung hindi ay maaari mong kontakin ang iyong health care provider para sa iyong resulta.
6. Kung abnormal ang iyong resulta, irerefer ka para sa follow-up sa iyong komunidad. Ang abnormal na resulta ay hindi nangangahulugang mayroon kang kanser. Ibig sabihin nito'y may nakitang dugo sa iyong stool. Kakausapin ka ng health care team sa iyong komunidad tungkol sa iyong test result at gagawa ito ng mga rekomendasyon para sa follow-up testing. Ang colonoscopy ay karaniwang inirerekomenda pagkatapos ng isang abnormal FIT result.

Ano ang isang colonoscopy?

Ang colonoscopy ay isang procedure kung saan gumagamit ang isang doktor ng maliit na camera na nakakabit sa isang flexible tube upang tingnan ang panloob na lining ng iyong colon. Habang isinasagawa ang test, maaaring kumuha ng tissue samples at maaaring magtanggali ng polyps.

Kung mayroon kang personal na kasaysayan ng (mga) adenoma, o marami sa iyong pamilya ang nagkaroon ng colon cancer, maaaring direktang irefer ng iyong health care provider na magpa-colonoscopy. Maaari ring irefer ka para sa colonoscopy pagkatapos ng isang abnormal FIT. Sa dalawang kasong ito, kakausapin ka ng health care team sa iyong komunidad tungkol sa procedure na gagawin.

Sino ang dapat magpa-screen para sa colon cancer?

Sa pangkalahatan, ang colon screening ay inirekomenda para sa sino man sa pagitan ng 50 at 74-taong-gulang. Ang uri ng iyong screening ay depende sa kung ikaw ay may average risk, o higher than average risk na magdibelop ng colon cancer:

Average risk	Fecal immunochemical test (FIT)
Screen bawat dalawang taon gamit ang FIT (para sa karamihan ng mga tao).	

Higher than average risk	Colonoscopy
Ang colonoscopy ay inirekomenda bawat tatlo o limang taon kung ikaw ay mas bata sa 74 at may personal na kasaysayan ng mga adenoma .	
Ang colonoscopy ay inirekomenda bawat limang taon kung marami sa iyong pamilya ang nagkaroon ng colon cancer , kabilang na ang:	
<ul style="list-style-type: none">Isang first degree na kamag-anak (magulang, kapatid, o anak) na nadiyagnos ng colon cancer bago mag-60-taong-gulang; o kayaDalawa o higit pang mga first degree na kamag-anak na nadiyagnos ng colon cancer sa anumang edad.	
*Para sa mga táong may colon cancer sa pamilya, ang colonoscopy screening ay maaaring magsimula sa 40-taong-gulang, o 10 taóng mas maaga kaysa sa edad ng diyagnosis ng pinakabatang first degree relative na apektado – alinman ang mas maaga.	

Paano naman kung ako ay may personal na kasaysayan ng colon cancer, ulcerative colitis, o Crohn's disease?

Dapat mo patuloy na humingi ng pangangalaga sa pamamagitan ng iyong health care provider dahil ikaw ay may mga indibidwal na pangangailangan na hindi matutupad ng population approach sa screening.

Ano ang ilang mga bagay na dapat ko isaalang-alang tungkol sa colon screening?

- Naipakita na ang colon screening ay nagbabawas sa tsansa na mamatay mula sa colon cancer. Gayunman, walang perfect screening test at ang ilang mga tao ay mamamatay mula sa colon cancer kahit na sila'y nagpa-screen. Ang FIT ay maaaring abnormal kahit na wala namang problema. Ang FIT ay maaari ring maging normal kapag may kanser o polyp sa colon. Ang ilang polyps at mga kanser ay hindi nagdurugo, o maaaring hindi nagdurugo sa panahon ng testing.
- Ang screening ay maaaring mauwi sa mga karagdagang test upang matiyak ang dahilan para sa isang abnormal screening result. Hindi ito nangangahulugan na may natuklasang kanser. Ang karamihan ng mga táong pinababalik para sa mga karagdagang test ay walang matutuklasang kanser.
- Ang ilang mga kanser ay maaaring hindi magdulot kailanman ng anumang mga sintomas, o maaaring hindi nito kailanman maaapektohan ang life expectancy o kalidad ng buhay. Gayunman, ipinapakita ng research na ang karamihan ng colon cancers ay mapanganib at ang colon cancer ay dapat ma-detect at magamot sa lalong madaling panahon.
- Maaaring may mga panganib sa colonoscopy tulad ng pagdurugo at pagbutas ng bituka, at sa mga bihirang kaso, maaaring mamatay ang isang tao.

Kontakin Kami

BC Cancer Colon Screening
801-686 West Broadway Vancouver, BC V5Z 1G1

Telepono: 1-877-702-6566

Email: screening@bccancer.bc.ca

Web: www.screeningbc.ca/colon

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa di-awtorisadong paggamit at disclosure (pagsisiwalat sa iba), alinsunod sa Personal Information Protection Act (Batas Ukol sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon) at kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas Ukol sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado). Ang impormasyon na ito ay maaari lamang gamitin at ibunyag sa iba alinsunod sa nakalagan sa mga Batas na iyon, at ito'y gagamitin para mapamahalaan ang quality assurance; ito'y ibunyag sa healthcare practitioners na nagbibigay ng pangangalaga, o kapag iniutos ito ng batas.

Kung may anumang mga katanungan hinggil sa pangongolekta ng BC Cancer ng impormasyon, ipadala ito sa Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: www.screeningbc.ca o kaya email: screening@bccancer.bc.ca).